Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-24 NG ABRIL, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

## *KAPASIYAHAN BLG. 134-T'2002*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PHILLIP R. RODRIGUEZ, KAGAWAD NG SANGGUNIANG PALALAWIGAN NG LAGUNA NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG DALAWAMPU'T DALAWANG (22) YUNIT NG POSO-ARTESYANO UPANG MAITAYO SA MGA NANGANGAILANGANG BARANGAY NA SAKOP NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, sa dumaraming bilang ng mga mamamayan sa bayang ito ay nagkakaroon ng kakulangan sa pangangailangan ng poso-artesyano;

*SAPAGKA'T*, lubhang mahalaga ito para sa kalinisang pangkatawan at pangkapaligiran;

*SAPAGKA'T*, kulang at walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan upang makabili at makapagtayo ng mga poso-artesyano sa mga nangangailangang barangay;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na humiling sa Kgg. Phillip R. Rodriguez, Kagawad ng Sangguniang Panlalawigan ng Laguna na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz . Laguna ng dalawampu't dalawang (22) yunit ng poso-artesyano upang maitayo sa mga nangangailangang barangay sakop ng bayang ito.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Phillip R. Rodriquez, Kagawad, Sangguniang Panlalawigan; Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero Pambayang Pinuno sa Pangkalahatang Paglilingkod, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo